
# Mga Magulang



Disyembre 2010 Unang Isyu

# Pangalagaan ang pagiging **‘magulang’** kahit




Dahil sa dumadaming bilang ng mga pamilya na naghihiwalay, marami ang kadalasang nakakaranas ng paghihirap sa kanilang pagsisimula ng bagong buhay bilang mga diborsyadong magulang. Higit na nakakaranas ng pag-aalala ang mga diborsyadong magulang na may mga anak na menor de edad. Marami sa kanila ang nag-aalinlangan kung kaya ba nila na palakihin ang kanilang mga anak.




Ang mga magulang na magdidiborsyo na may anak na menor de edad ay kinakailangang magdesisyon tungkol sa kustodiya ng bata anupaman ang klase ng diborsyo na gagawin ng mga magulang. Ang diborsyo ay maaring parehong napagkasunduan ng ama at ina o di kaya ay sa korte (basahin ang artikulo 837 at 843, magkasunod, ng Batas Sibil). Kinakailangan na palaging unahin ang kapakanan ng mga anak kaysa sa magulang. Ito ang legal na prinsipyo na kailangang sundan ng mga magulang.




Ang mga bata na may mga magulang na nagdiborsyo ay ang kadalasang nasasaktan at nakakaranas ng emosyonal na paghihirap, nagkakaroon ng problema sa kanilang asal, at kadalasang nakikidiborsyo din kapag sila na ay may asawa katulad ng kanilang mga magulang.
Hindi ito direktang resulta ng diborsyo bagkus ito ay resulta ng pag-aaway ng kanilang mga magulang na nakikita ng mga bata habang ang mga ito ay nagdidiborsyo.
Gayunpaman, kapag ang mga magulang na nagdidiborsyo ay nagagawang kontrolin ang kanilang mga emosyon at inuuna pa rin ang kapakanan ng kanilang mga anak sa pamamagitan ng pagpapakita ng kanilang pagmamahal sa kanila, ang mga bata ay lalaki na malakas at malusog.

Ang pampletong ito ay ukol sa mga palatuntunan hinggil sa mga menor de edad na kinakailangang alamin ng mga magulang na may plano na magdiborsyo. Tandaan na ang pampletong ito ay hindi para sa mga pamilya na may mga problema tulad ng pananakit at pang-aabuso sa mga bata at iba pang mga kaso na kinakailangan ng kriminal na imbestigasyon. Hindi rin saklaw nito ang mga pamilya na may kakaibang problema katulad ng paggamit ng droga, sakit na mental, at iba pa.
Kailangan ding tandaan na ang mga asal ng mga bata na may magulang na naghihiwalay ay hindi pareho. Kung kayat kinakailangan na kumunsulta sa mga propesyonal kapag may nakikitang problema sa asal ng bata.

na ang mag-asawa ay maghiwalay

### ■ Magulang na may "parental right"at kustodiya

Ang magulang na mas may kakayahan na alagaan at supurtahan ang mga anak ang siyang nararapat na makakuha sa kustodiya ng mga bata. Ito ay mas nakabubuti sa kapakanan ng mga bata. Ang magulang na siyang nakakuha sa kustodiya ng mga bata ay kadalasang nabibigyan din ng karaparatan bilang isang magulang (parental right) maliban lamang kung may nakikitang sapat na dahilan para ito ay hindi ibigay. Ang "parental right" ay naibibigay din sa magulang na may kustodiya sa bata sapagkat magiging mahirap para sa lahat kapag ang magulang na siyang may kustodiya ay walang "parental right." Hindi rin nararapat na ang mga magulang ay magpaplano na paghiwalayin ang mga bata sapagkat mas mahihirapan ang mga bata sa ganitong sitwasyon.

### ■ Suporta sa bata

Ang pagsuporta sa bata ay kinakailangan para sa paglaki at edukasyon nito. Ang magulang na hindi nakakuha ng kustodiya ay kinakailangang mangako ng halaga na pangsuporta sa bata. Kinakailangan din na ibigay niya ang halaga na ipinangako sa tamang oras.

### ■ Karapatan na bumisita

Kailangan ng mga bata ang kanilang ama at ina.
Kapag wala silang koneksyon sa isa sa kanilang mga magulang, maaring maging dahilan ito ng pisikal at emosyonal na problema at pagkasira ng kanilang paglaki.
Ang pagbisita ay parehong karapatan ng mga magulang at ng mga anak.
Kung kayat ang magulang na siyang may kustodiya ay kinakailangan na payagan ang mga anak na makipagkita sa kanilang magulang na walang kustodiya.






**Mga ugaling naipapamalas ng mga bata o sanggol dahil sa pagdidiborsyo ng kanilang magulang**

- sobrang pagkatakot at pag-aalala
- Marahang pag-unlad(developmental retardation)
- Paghinto ng pansariling pag-unlad (regresyon)

# “Sila ay nasasaktan kahit na hindi nila ito masabi sapagkat sila ay mga bata pa.”

Huwag na huwag nating isipin na ang mga sanggol ay walang alam at sila ay hindi apektado sa mga problema.

Dahil sa murang edad, mas sensitibo ang mga bata kapag may tensyon at away sa paligid nila. Kapag ang mga magulang ay nag-aaway ng matindi o di kaya'y biglang nawawala ang isa sa kanilang mga magulang, ang mga sanggol ay nakakaranas ng sobrang pagkatakot at pag-aalala.



Payo ng isang tagapayo

Ang isang bata na pinalaki ng isang magulang na laging may problema dahil sa diborsyo ay maaring magkakaroon ng problema sa kanyang paglaki at kakikitaan ito ng mga senyales ng “developmental retardation” at “regresyon”

Ang mga magulang ay pinapayuhan na maging kalmado at huwag nilang pabayaan ang kanilang mga anak dahil sa galit, depresyon, at stress.

Kinakailangan nilang ipakita na ang sapat na pagmamahal sa kanilang mga anak sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kanila ng may pagmamahal.



Payo ng isang doktor

Kapag ang mga bata o sanggol ay nagkaroon ng magandang emosyonal na relasyon sa kanilang tagapangalaga, mayroon silang kapasidad na magkakaroon ng magandang relasyon sa ibang tao sa kanilang paglaki.

Ang hindi pakikipag-ugnayan ng kahit isa sa mga magulang sa kanilang mga anak ay magreresulta ng problema sa paghubog ng ugali ng mga bata. Dahil dito, ang plano na kung saan makikipag-ugnayan lamang ang mga bata sa isa sa kanilang mga magulang kapag sila ay malaki na ay hindi inaayunan.

Kinakailangan na ang mga magulang ay gumawa ng isang plano na kung saan ang mga anak at ang magulang na walang kustodiya ay palaging magkikita.

Ang magulang na walang kustodiya ay kailangang mangako na magbibigay ito ng pinansyal na suporta para sa mga bata.



Hatol ng isang hurado

Hindi makakabuti sa mga bata o sanggol na titira sa kanilang ina sa loob ng ilang araw pagkatapos ay lilipat naman sa kanilang ama. Mas maganda na ang mga bata ay tumira kasama ng kanilang magulang na may kustodiya. Ang magulang na walang kustodiya ay siya namang bibisita palagi sa kanyang mga anak. Ito ay upang hindi masira ang mga aktibidades at paglaki ng mga bata. Ito din ang tsansa ng magulang na walang kustodiya na tumulong sa pag-aalaga ng kanyang mga anak katulad ng pagpapakain, pagdadamit, paliligo, at pagpapatulog sa kanyang mga anak.




**Mga asal na ipinapakita ng mga batang nasa kindergarten dahil sa pagdidiborsyo nga kanilang mga magulang.**

- Pakiramdam na sila ang may kasalanan sa diborsyo ng kanilang mga magulang
- Takot
- Galit sa kanilang mga magulang
- Pagrereklamo
- Problema sa pagkain at pagtulog
- Regresyon

# “Kasalanan ko... Ano ang mangyayari sa akin?”

Pagdating sa diborsyo, ang mga bata na nasa kindergarten ay nag-aalala na sila ang dahilan ng pagdidiborsyo ng kanilang mga magulang, “Si inay at itay ay magdidiborsyo dahil sa akin.”
Kadalasan ay palagi din silang takot, “Wala na si itay at ngayon baka si inay naman ay iwan ako.”

Kapag ang isang magulang ay nawala, ito ay parang isang trahedya sa buhay ng isang bata. Kung kayat kinakailangan na ang mga magulang ay ipaliwanang ng mabuti ang kanilang desisyon na maghiwalay sa kanilang mga anak.



Payo ng isang doktor

“Huwag ninyong sisihin ang inyong sarili sa pagdiborsyo namin. Hindi ninyo kasalanan.”
“Kahit na kaming mga magulang ninyo ay magdidiborsyo, palagi kaming nasa tabi ninyo kapag kailangan nyo kami.”
“Kayo ay palagi naming mamahalin at aalagaan kahit na kami ay magdidiborsyo.”

Ulitin ang mga nakasulat sa itaas hanggang ang bata ay maintindihan ng lubusan ang gusto ninyong iparating sa kanila.
Kailangan ding tanungin ninyo ang inyong mga anak kung ano ang kanilang pakiramdam. Makakatulong ito upang mailabas nila ang kanilang galit at takot.

Habang bata pa ang mga anak, kinakailangan na gumawa ang mga magulang ng plano na kung saan regular at palaging magkikita ang mga anak at ang magulang na walang kustodiya.
Ang magulang na walang kustodiya ay kinakailangang magbigay ng perang pangsuporta sa mga bata.
Ang mga pagbabago hinggil sa kustodiya ng mga bata ay pinapayagan subalit kinakailangan na ito ay maisakatuparan lamang kapag ito ay naayon sa batas at ito ay para sa kapakanan ng mga bata.



Hatol ng isang hurado

Ipinapayo na mas mabuti kung ang plano ng pagbisita ay papayagan na ang magulang na walang kustodiya ay maaring kunin ang bata at makitulog sa bahay ng magulang na yun sa loob ng isang gabi.
Mas maganda na kapag isasagawa ang plano sa itaas, dalhin ang bata sa bahay ng magulang kaysa sa magkita sa kalsada o sa supermarket.
Kinakailangan na isaalang-alang ang damdamin ng bata upang maging komportable ito at gugustuhin niya na bumalik sa bahay ng magulang na may kustodiya. Kapag hindi komportable ang bata, maaring magsinungaling ito.
Mas makakabuti din kung ang magulang na walang kustodiya ay tutulungan ang bata na kumain, maligo, magbihis, at matulog kapag sila ay magkasama. Mas makabubuti ito kaysa sa pagdala sa anak sa isang liwasan o di kaya ay pagbili ng mamahaling regalo para sa bata.



Payo ng isang councilor

Panahon ng mga batang nasa kindergarten




**Asal ng mga batang nasa elementarya dahil sa pagdidiborsyo ng kanilang mga magulang**

- Pag-asa na magkaka-ayos ang kanilang mga magulang
- Problema sa pag-aaral
- Labis na pag-aalala, pagnanakaw, pagsisinungaling, pagtakas sa bahay, at pagkagalit sa mga magulang

# “Sila inay at itay ay magkaka-ayos na...”



Payo ng isang councilor

Kahit na ang mga bata sa ganitong edad ay naiintindihan ang diborsyo ng kanilang mga magulang, malaki pa din ang pag-asa ng mga ito na muling magkakaayos ang kanilang mga magulang.
Kapag ang mga magulang ay mag-aasawa ulit, magiging dahilan ito ng pagkadismaya ng mga bata.
Ang mga batang nasa elementarya ay maaring makaranas ng problema sa pag-aaral, pakikihalubilo sa ibang mga bata at minsan nagkakasakit din sila dahil sa pag-aalala sa kanilang sarili at sa kanilang mga magulang.
Minsan din ang mga bata ay nag-aasal matanda na kung saan ginagawa nila ang kanilang makakaya upang protektahan ang kanilang mga magulang.

Bigyang diin na sila ay maaalagaan at mamahalin pa rin ng kanilang nanay at tatay kahit na ang mga ito ay nagdiborsyo.
Tanungin sila kung ano ang kanilang pakiramdam imbes na tanungin sila kung kanino nila gustong tumira o di kaya ay kung ano ang tingin nila sa pagdiborsyo ng kanilang mga magulang.Kinakailangang gawin ito upang matulungan sila na mawala ang kanilang galit at pag-aalala.

Kapag ang magulang na may kustodiya ay magbibigay ng negatibong komento tungkol sa magulang na walang kustodiya, ang mga bata ay kadalasang maniniwala sa kanilang magulang na may kustodiya. Dahil dito maaring magalit ang mga bata sa magulang na walang kustodiya at sisikapin nila na mawalan ng komunikasyon sa kanya.
Ito ay maaring magiging dahilan ng maling pagkahubog ng ugali ng bata.



Payo ng isang doktor

Tulungan ang mga bata na magkaroon ng positibong opinyon sa magulang na walang kustodiya.
Ipaintindi sa bata sa tamang paraan na ang kanilang pag-asa na muling magkakabutihan ang kanilang mga magulang ay hindi mangyayari.
Ipaalam din sa mga bata ang inyong pakikipagrelasyon sa ibang tao sa tamang paraan.

Kinakailangan na ang mga magulang ay parehong magdesisyon na ang “parental right” at kustodiya ay mapupunta sa magulang na mas may kakayanan na alagaan ang mga bata. Kinakailangan din na isama sa pagpaplano ang regular at palaging pagbisita ng magulang na walang kustodiya sa mga bata.
Kinakailangan din na ang iskedyul ay magiging patas sa mga magulang pagdating sa mga kaarawan, pista, bakasyon sa iskwela at iba pang importanteng okasyon.



Hatol ng isang hurado

Dahil sa paglaki ng pinansyal na pangangailangan habang ang bata ay lumalaki dahil sa edukasyon nito, kinakailangan na ang magulang na walang kustodiya ay magbayad para sa suporta ng bata at magbigay ng kontribusyon kung ito ay may pinansyal na kakayahan.

Panahon ng mga batang nasa elementarya




**Asal ng mga nagbibinata at nagdadalaga sa pagdidiborsyo ng kanilang mga magulang**

- Pagiging suwail
- Bagsak na grado sa paaralan
- Hindi pagpasok sa paaralan
- Depresyon
- Pagtakas sa bahay
- Pagtatangkang magpakamatay

# “Kailangang masunod ang gusto ko!”


Payo ng doktor


Dahil sa pagbibinata o pagdadalaga, ang mga kabataan ay kadalasang emosyonal at sensitibo. Ang mga kabataan na may mga magulang na nagdidiborsyo ay kadalasang nagkakaproblema sa kanilang pag-aaral, nagiging suwail, nakakaranas ng depresyon at minsan magtatangka sila na magpakamatay.
Subalit minsan ang mga kabataan na may diborsyadong magulang ay gumagawa ng paraan upang matugunan ang pagkawala ng isa sa kanilang mga magulang. Sila ay nag-aaral ng mabuti o di kaya ay ginagawa nilang lahat ang mga gawaing bahay at iba pa.

Ang pagbibinata o pagdadalaga ay nangyayari bago sila tuluyang magkaroon ng sapat na edad.
Ang mga emosyanal na problema at mga di pagkakaintindihan na nararanasan ng mga kabataan dahil sa pagdidiborsyo ng kanilang mga magulang ay may malaking epekto sa kanila hindi lamang sa kanilang pagdadalaga o pagbibinata kundi pati din sa kanilang pagtanda.
Kung kayat kinakailangan na ang mga magulang ay panatilihin ang maganda at mapagmahal na relasyon sa kanilang mga anak. Ang relasyon ng anak at magulang ay malaki ang magiging epekto sa pakikipagrelasyon ng mga kabataan sa kanilang pagtanda. Maaring kakayanin nila na magkaroon ng masaya at makabuluhang relasyon sa ibang tao o di kaya ay makikidiborsyo din sila kagaya ng kanilang mga magulang.
Ang nanay at tatay ay kinakailangang kausapin ang kanilang mga anak ng sabay-sabay hinggil sa kanilang pagdidiborsyo.

Kahit na ang mga anak ay magagalit sa kanilang mga magulang o di kaya ay magiging agresibo sa kanilang mga magulang dahil sa planong pagdiborsyo, kinakailangan na pakinggan at intindihin sila ng kanilang mga magulang.
Mas makabubutidin na isama ang mga anak sa mga usapin tungkol sa pagdidiborsyo upang hindi maiwasan na maging biktima ang mga anak.


Hatol ng isang hurado

Sa pagdedesisyon kung kanino mapupunta ang kustodiya ng mga bata, kinakailangan na pag-aralang mabuti at alamin kung sino sa mga magulang ang mas gusto ng mga anak at kinakailangang respetuhin ang kagustuhan ng mga bata.
Huwag sumama ang pakiramdam kahit na hindi ikaw ang pinili ng iyong anak.
Tandaan na ang pagdidiborsyo ng mga magulang ang siyang dahilan kung bakit kinakailangan ng mga anak na mamili ng isa sa kanilang mga magulang.
Sikapin na palaging kausapin ang inyong mga anak, sila man ay nakatira sa inyo o hindi.
Magbyahe kasama ng mga bata tuwing bakasyon.
Kahit na hindi ikaw ang nakakuha ng kustodiya ng mga anak mo kapag mahal ka nila at pinagkakatiwalaan ka nila, pupunta pa din sila sa iyo upang pag-usapan ang kanilang trabaho o di kaya ay problema sa kanilang pakikipagrelasyon sa ibang tao.
Ang magulang na walang kustodiya ay kinakailangang magbayad para sa pinansyal na pangangailangan ng bata hanggat ito ay magingito ay umabot sa wastong gulang.


Payo ng isang tagapayo

Palaging tandaan na kayo ang magulang. Kahit na ang iyong anak ay mabait at maaasahan, kinakailangan na huwag kayong magdepende sa kanila.
Gawin ang iyong responsibilidad bilang mga magulang. Huwag ipasa ito sa mga bata.
Ito ay upang siguraduhin na ang inyong anak ay matatamasa ang kanyang pagkabata.


Mga mabuting resulta ng isang maayos na diborsyo sa mga bata

## Ang madaling pagtanggap sa mga pagbabago ay sinasang-ayunan

Ang mga bata na may diborsyadong mga magulang ay nagiging maawain at maunawain sa ibang mga tao ngunit ito lamang ay mangyayari kapag ang bata ay lumaki na may magandang relasyon sa kanyang mga magulang. Ang mga bata din na may diborsyadong magulang ay mas maayos ang pakikitungo sa ibang tao at madali din nilang tanggapin ang katotohanan.
Dahil dito nadadagdagan ang **"adaptability at flexibility"**ng bata.

## Higit sa lahat, kausapin ang inyong mga anak.
## Alagaan at mahalin sila.





# Laging tandaan ang mga sumusunod para sa kapakanan ng ating mga anak!

## Iwasang makipag-away sa ina (o ama) ng iyong anak

Kahit na nagkamali ang iyong asawa gaano man kasama ito, tandaan na ito ay problema ninyong mag-asawa lamang. Ang iyong asawa na nagkamali ay magulang ng iyong anak at siya ay espesyal sa iyong anak.

Ang pag-aalala, galit, at hinanakit dahil sa pag-aaway ng mga magulang ay may masamang epekto sa buhay ng mga bata. Pilitin na magkaroon ng maayos na diborsyo. Kayong mag-asawa ay magkatuwang pa din sa pagpapalaki ng iyong mga anak.

## Ang nanay at tatay ay parehong ipapaliwanag ang sitwasyon at ang kanilang pagdidiborsyo sa kanilang mga anak.

Ipaliwanag ang sitwasayon sa paraan na kung saan maiintindihan ng bata upang hindi magulat ang mga ito. Sabihin sa inyong mga anak na hindi nila kasalanan na kayo ay magdidiborsyo. Alamin ang kanilang damdamin sa pangyayari at tulungan sila na mailabas ang tunay nilang nararamdaman.

Sagutin ang mga tanong ng inyong anak. Maging tapat at kung kinakailangan ay paulit-ulit itong sagutin. Halimbawa, ipaliwanag ninyo ang inyong plano pagkatapos ng diborsyo.

## Palaging sabihin sa kanila na, “mahal ko kayo.”

“Ang pagdidiborsyo ng iyong ama at ina ay hindi mo kasalanan.”

“Kahit na kami ay magdidiborsyo, palaging nasa tabi ninyo kami kapag kailangan ninyo ang tulong namin.

Paulit-ulit na sabihin sa kanima na, “Palagi naming kayong mamahalin at aalagaan.”

## Sa magulang na walang kustodiya, palaging kausapin at makipagkita sa inyong anak kahit na hindi sila sa inyo nakatira.

Ang pagdidiborsyo ng mga magulang ay hindi nangangahulugan na tapos na din ang relasyon ninyo sa inyong mga anak.

Ang isang anak ay parehong kailangan ang kanyang nanay at tatay.

Palaging tandaan ang pagkawala ng relasyon sa isa sa mga magulang ay maaring maging negatibo ang epekto nito sa paghubog ng ugali ng bata

Habang bata pa ang mga anak, kinakailangan na mas madalas at regular ang pagbisita sa kanila.

## Ang magulang ma may kustodiya ay kinakailangang tulungan ang mga bata na maging komportable sa kanilang pakikipagkita sa magulang na walang kustodiya.

Kapag ang mga anak ay naiipit sa pangit na relasyon ng mga mga magulang, maaring maging simula ito ng psychological na problema sa batang apektado.

Kapag ang mga anak ay nararamdaman na maayos ang relasyon ng mga magulang, magiging komportable sila na tumira at makipagkita sa kanilang mga magulang. Kapag nakikita ng bata na maayos ang relasyon ng kanyang mga magulang, magiging kampante siya sino man ang kasama niya.

Isipin palagi ang kapakanan ng bata upang hindi ito mapilitang magsinungaling.


## Huwag isipn na, “Ang mga anak ko ay nasa mabuting kalagayan.”

Palaging tandaan na ang problema ay hindi palaging nakikita kaagad. Ang diborsyo ay mas mahirap para sa anakkaysa sa mga magulang. Kahit na mabait ang iyong anak, may posibilidad pa din na magkakaproblema ito sa kanyang pamilya paglaki niya.

Palaging obserbahan ang kinikilos ng iyong anak at maging sensitibo dito.

Higit sa lahat, kausapin palagi ang iyong anak. Ipakita sa kanila na mahal mo sila.

## "Check carefully for our children."



Ang mga sumusunod na listahan ay kinakailangang obserbahan ng mga magulang na nagpaplano na magdiborsyo.
Lagyan ng tseke ang mga bagay na ginagawa mo ngayon. Naipapakita nito ang iyong nagagawa upang tulungan ang iyong anak na maka-adjust sa bagong sitwasyon. Lagyan din ng tseke ang mga bagay na gusto mong gawin.

- ☐ Ipinapaliwanag ko ng mabuti sa aking mga anak na, "hindi ikaw ang dahilan ng paghihiwalay ng iyong magulang."
- ☐ Hindi ako nakikipag-usap ng galit sa aking asawa o di kaya ay nagsasabi ng masama tungkol sa aking asawa sa harap ng aking mga anak.
- ☐ Hindi ako nagsasalita kapag wala akong magandang sasabihin.
- ☐ Pinipigilan ko na hindi makipag-away sa aking asawa sa harap ng aming mga anak.

---

- ☐ Gumagawa ako ng paraan upang magkaroon ako ng sapat na panahon para sa lahat ng aking mga anak.
- ☐ Sinasabi ko sa aking mga anak na masaya ako kung may maganda silang relasyon sa kanilang ama (ina).
- ☐ Hindi ko ikinukumpara ang aking mga anak sa aking dating asawa kahit na may mga ugali silang namana sa aking dating asawa na hindi ko gusto.

---

- ☐ Pagdating sa mga hindi magandang senyales na ipinapamalas ng aking mga anak katulad ng labis na pag-aalala at pagkatakot, hindi ko ipinapasa ang responsibilidad sa aking dating asawa. Hindi ko din sinisisi ang aking asawa sa mga pangyayaring ito.
- ☐ Tinutulungan ko ang aking anak na hindi mapahiya dahil sa diborsyo.
- ☐ Ipinapakita ko na ako ay interesado sa pag-aaral ng aking anak.

---

- ☐ Sinisigurado ko na ang mga mahahalagang pagbabago sa buhay ng aking anak ay hindi biglaang magaganap.
- ☐ Ginagawa ng mabuti ang mga gawaing bahay upang hindi maramdaman ng aking mga anak ang pagkawala ng kanilang nanay (o tatay).
- ☐ Hindi ko tinatanong ang aking mga anak kung sino sa kanilang magulang ang mas gusto nilang kasama o di kaya ang mas mahal nila.
- ☐ Tinutulungan ko ang aking mga anak gawin ang kanilang mga normal na Gawain.

---

- ☐ Pinipilit ko na kontrolin ang aking emosyon upang hindi mapilitan ang aking mga anak na umastang mas matanda sa kanilang gulang.
- ☐ Pinipilit ko na hindi pilitin ang aking mga anak na umasta bilang mga matatanda.
- ☐ Lagi kong tinatandaan na ang pakikipagdiborsyo ko ay hindi nangangahulugan na ako ay isang talunan.

# "Ngayon, gumawa ng plano para sa kustodiya ng ating mga anak!"

## 1 Ang magulang na may "parental right" at kustodiya

**Sino sa mga magulang ang mas may kakayahan na maging tagapangalaga ng mga bata at sino ang mas may kakayahan na palakihin ang mga bata?**

- Unahin ang kapakanan at pangangailangan ng bata kaysa sa kapakanan ng mga magulang.
- Isipin ang mga sumusunod: sino sa mga magulang ang makakapagbigay ng matatag na tahanan at kung sino ang may mas magandang pamamalakad sa pagpapalaki ng mga bata.
- Jointly shared custody"ay posible kapag ang diborsyo ay parehong kagustuhan ng dalawa

## 2 Pagbibisita

**Ano ang pinakamagandang iskedyul ng pagbisita ng magulang na walang kustodiya? Kailan? Saan? Paano?**

- Gumawa ng iskedyul ng pagbisita. Planuhin ang mga detalye ng pagbisita katulad ng oras, lugar, paraan at iba pa upang masiguro na magiging kumportable ang bata.
- Gumawa ng detalyadong plano para sa mga kaarawan, bakasyon at iba pang mahahalgang okasyon.
- Tandaan ang edad ng bata, ang iskedyul at palaging tuparin ang pangako sa kanya.
- Gumamit ng "child custody planner" na siyang maninigurado na maiiintindihan ninyo ng mabuti ang sitwasyon hinggil sa pagbisita ng mga magulang sa bata.

## 3 Suporta sa anak

**Magkano ang dapat na bayaran ng magulang na walang kustodiya? Paano?**

- Laging tandaan na ang pinansyal na suporta sa anak ay para sa bata at hindi para sa dating asawa.
- Pilitin na magkaroon ng konkretong kasunduan hinggil sa halaga at paraan ng pagbayad. Pilitin na bayaran ito sa tamang panahon o oras.
- Huwag pigilin ang magulang na walang kustodiya na makipagkita sa anak dahil sa hindi ito nakapagbigay ng suporta para sa bata.

**Gumawa ba kayo ng plano na kung saan inuna ninyo ang kapakanan ng inyong anak?**

**Kinausap mo ba ang iyong dating asawa tunggkol sa inyong plano?**



**Sinusuportahan namin ang mga magulang na pilit na itinataguyod ang pagiging magulang nila at pinapayuhan naming sila na kumunsuta sa mga propesyunal kung mayroon silang problema.**



Ang booklet na ito ay ipinalimbag ng TheParents Education Joint Research Society, isang asosasyon ng mga hurado sa buong bansa, mga opisyal na pinag-aaralan ang katotohanan tungkol sa mga pamilya at iba pang propesyunal. Ang pagkopya at pamamahagi nito ay hindi pinapayagan hanggat walang permiso na nakuha mula sa Parents Education Joint Research Society.